# Isang Sulyap sa Medicare

This is an Official U.S. Government Product

## Ano ang Medicare?

Ang medicare ay health insurance para sa mga sumusunod:

- Mga taong 65 taong gulang o mas matandâ
- Mga taong wala pang 65 taong gulang na may mga takdang kapansanan
- Mga taong iba't-ibang edad na may End-Stage Renal Disease (ESRD) (permanenteng kidney failure na nangangailangan ng dialysis o kidney transplant)

## Ang Iba't-ibang Bahagi ng Medicare

Ang iba't-ibang bahagi ng Medicare ay tumutulong na masakop ang mga ispesipikong serbisyo:

### Medicare Part A (Hospital Insurance)

- Tumutulong na masakop ang inpatient care sa mga ospital
- Tumutulong na masakop ang pasilidad sa skilled nursing, ospisyo at health care sa tahanan

### Medicare Part B (Medical Insurance)

- Tumutulong na masakop ang mga serbisyo ng doktor at iba pang health care providers, outpatient care, durable medical equipment at health care sa tahanan
- Tumutulong na masakop ang ilang preventive services upang tulungang mintinahin ang iyong kalusugan at upang maiwasan na lumalá ang ilang mga sakit

### Medicare Part C (tinatawag ding Medicare Advantage)

Nag-aalok ng mga opsyon sa health plan na pinapatakbo ng mga pribadong kompanya ng insurance na aprobado ng Medicare. Ang Medicare Advantage Plans ay isang paraan upang makuha ang benefits at mga serbisyo na sakop sa ilalim ng Part A at Part B. Sinasakop ng karamihan ng Medicare Advantage Plans ang coverage ng Medicare para sa de-resetang gamot (Part D). Ang ilang Medicare Advantage Plans ay maaaring magsama ng karagdagang benefits nang may karagdagang bayad.

### Medicare Part D (Ang Coverage ng Medicare para sa De-Resetang Gamot)

- Tumutulong na masakop ang gastos para sa mga de-resetang gamot
- Maaaring tumulong na pababain ang iyong mga gastos sa de-resetang gamot at tumulong magprotekta laban sa mga mas mataas na gastos
- Pinapatakbo ng mga pribadong kompanya ng insurance na aprobado ng Medicare

## Isang Sulyap sa Iyong mga Mapagpipiliang Medical Coverage

Mayroong dalawang pangunahing paraan upang makuha ang iyong Medicare coverage: Ang Original Medicare o ang Medicare Advantage Plan. Gamitin ang mga hakbang na ito upang tulungan kang magpasiya kung paano kukunin ang iyong coverage.

**Pagsimula**

**Ika-1 Hakbang: Magpasiya kung paano mo gustong makuha ang iyong coverage**

**ORIGINAL MEDICARE**

**Part A**
Hospital Insurance

**Part B**
Medical Insurance

**Ika-2 Hakbang: Magpasiya kung kailangan mong magdagdag ng coverage para sa gamot.**

**Part D**
Coverage para sa De-Resetang Gamot

**Ika-3 Hakbang: Magpasiya kung kailangan mong magdagdag ng supplemental coverage.**

**Medicare Supplement Insurance** (Medigap) policy

**Tapos na**

**o kaya**

**MEDICARE ADVANTAGE**
PLAN Part C (tulad ng isang HMO o PPO)

**Part C**
Kombinasyon ng Part A, Part B, at karaniwan, Part D

**Ika-2 Hakbang: Magpasiya kung kailangan mong magdagdag ng coverage para sa gamot.**

**Part D**
Coverage para sa Deresetang Gamot (Sinasakop ng karamihan ng Medicare Advantage Plans ang deresetang-gamot) Maaaring maidagdag mo ang coverage para sa gamot sa ilang mga uri ng plan kung hindi pa ito kasali).

**Tapos na**

**Kung sumali ka sa isang Medicare Advantage Plan, hindi mo kailangan at hindi ka maaaring pagbentahan ng Medicare Supplement Insurance (Medigap) policy.**

# Kunin ang tulong na iyong kailangan

**Tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)** upang kumuha ng pangkalahatan o ispesipikong impormasyon tungkol sa Medicare at mga mahalagang matatawagang numero.  Kung kailangan mo ng libreng tulong sa wika maliban sa Ingles o Espanyol, sabihin ang salitang "Agent" upang makausap ang isang customer service representative.  Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.

**Bisitahin ang www.medicare.gov** upang makakuha ng detalyadong impormasyon hinggil sa Medicare health at prescription drug plan sa iyong lugar, makahanap ng mga kalahok na health care providers at suppliers, makakuha ng impormasyon ukol sa kalidad ng pangangalaga, at marami pang iba.

**Tingnan ang iyong pinakabagong "Medicare & You" handbook** upang mabasa ang bagong impormasyon, malaman ang iyong mga gastos sa Medicare, at makakuha ng impormasyon tungkol sa mga sinasakop ng Medicare.

**Kontakin ang State Health Insurance Assistance Program (SHIP) sa iyong lugar** upang makakuha ng libreng personalized counseling sa coverage ng Medicare, claims, appeals, at tulong para sa mga taong kaunti lamang ang kinikita at resources. Tumawag sa 1-800-MEDICARE o bisitahin ang www.medicare.gov upang makuha ang telepono ng SHIP sa iyong lugar.

**Bisitahin ang Administration on Aging sa www.aoa.gov** upang maghanap ng resources sa iyong lugar, malaman ang benefits, at magplano para sa pangmatagalang pangangalaga.

CENTERS for MEDICARE & MEDICAID SERVICES

CMS Product Blg. 11514-T (Tagalog)
Binago noong Hulyo 2011